

TENDERLOIN

COMMUNITY ACTION PLAN

Tenderloin Newsletter

Oktubre 2023



Mahal na mga residente at komunidad ng Tenderloin,

Ikinalulugod naming ibahagi sa inyo ang ikalawa nating newsletter kada quarter ngayong taon. Inilarawan sa ating **unang newsletter** sa simula ng Tag-init ang mga bumubuo sa aming gawain. Kada quarter, ia-update namin ang aming kaunlaran sa mga inisyatibang ito.

Misyon namin ang isaaksyon ang tinig ng komunidad ng Tenderloin at gawing realidad ang mga aksyong iyon sa pamamagitan ng mga pamumuhunan. Pananaw namin ang magtransisyon palabas ng kalagayan ng krisis ang Tenderloin patungo sa isang kapitbahayan kung saan ang mga residente ay may pantay na access sa pinabuting kalidad ng buhay at sa may dibersidad at masiglang kapitbahayan para sa lahat. Layunin naming maisakatuparan ito sa pamamagitan ng pangangasiwa sa mga inisyatibang pinangungunahan ng komunidad, paglilalang ng mga bagong kapasidad, at mga kolaborasyon sa pamamagitan ng mga ahensya at mga pamumuhunan.

Unang itatampok sa newsletter na ito ang ating Event na Pangkomunidad na idinaos kamakailan noong Oktubre 5; magbibigay ng mga update at mga susunod na hakbang para sa mga Proyekto ng Pagkilos ng Komunidad na patuloy na mabibigyang-buhay sa mga Istratehikong Priyoridad na hatid ng kapitbahayan at komunidad; at ilalatag ang mga susunod na hakbang ng pakikipag-ugnayan at pakikibahagi para sa Pagpapalano ng Pagkilos ng Komunidad ng Tenderloin.



Event na Pangkomunidad na Ipinagdiriwang ang Mahalagang Pangyayari

Nagsimula tayo sa taglagas ng 2023 sa isang sa-personal na update sa komunidad sa Kelly Cullen Community Center noong Oktubre 5, 5-6:30pm. Salamat sa pagdalo ng nakakarami at sa inyong interes na marinig pa ang tungkol sa aming gawain.

Si Direktor Rich Hillis ng SF Planning ay nagbigay ng pambungad na pananalita na nagtatampok sa kung paano ang pag-oorganisa at pagtataguyod na pangkomunidad sa Tenderloin ay naghatid ng mga mapagkukunan ng lungsod sa kapitbahayan. Nagpatuloy ang pagpupulong sa pamamagitan ng komprehensibong presentasyon ng aming gawain mula sa team, na sinundan ng isang open house kung saan ang mga isponsor ng Proyekto ng Pagkilos ng Komunidad ay nakibahagi sa mas malawak na komunidad. Nagkaroon din ng pagkakataon ang mga miyembro ng komunidad na matutunan pa ang tungkol sa aming pag-unlad, nagbigay ng kanilang saloobin, at nagmungkahi ng mga paraan para higit pang makibahagi sa aming apat na istrategikong priyoridad: Suporta sa Maliit na Negosyo, Pamumuhunan sa Kabataan, Pamublikong Espasyo, Pabahay, at pakikipag-ugnayan at pakikibahagi habang tayo ay sumusulong. Mahahanap mo ang materyal ng pagpupulong sa aming webpage, kabilang ang **presentasyon, mga board na nagbibigay ng impormasyon, at mga larawan ng input ng komunidad.**



Noong Hunyo 2022, inaprubahan ni Mayor Breed ang \$4 milyon para sa mga proyektong aaksyunan ng komunidad sa Tenderloin, isang wala pang katulad na paglalaan ng mga mapagkukunan na nagresulta mula sa maraming taon ng pag-oorganisa ng komunidad upang mapabuti ang kalidad ng buhay ng kapitbahayan. Nagdisenyo ang aming team ng kauna-unahan sa uring ito ng proseso ng pagbabadyet na may pakikibahagi upang humanap ng mga proyektong inisponsor ng komunidad, isang makabagong prosesong pinanawagan ng mga residente ng Tenderloin sa nakaraang mga pagsusumikap na makipag-ugnayan at mag-organisa. Nagtapos ang proseso sa 1,400 residente at manggagawa na bumoboto sa mga mungkahi, at 21 proyektong pinili para sa pagpopondo.

Naisasakatuparang mga Proyekto ng Pagkilos ng Komunidad

Nasisiyahan kami na maraming Proyekto ng Pagkilos ng Komunidad ang maisasakatuparan sa kapitbahayan ngayong taglagas!

Sa nakaraang ilang buwan, sinuportahan ng mga pondong ito ang mga kaganapang pangkomunidad at ang unang paglulunsad ng mga serbisyo sa kapitbahayan:

- Hanggang sa katapusan ng Setyembre, 14,430 pagkain ang inihatid sa humigit-kumulang 500 tao sa loob ng limang gusali ng sumusuportang pabahay.
- Inorganisa ng TL Muslim Youth Collaborative ang kanilang kauna-unahang pagdiriwang ng Eid Al-Adha noong Hulyo, at mahigit 300 tao ang dumalo sa malaking selebrasyong ito.
- Ang Grace Notes Community Cultural Festival ay naghatid ng mga alagad ng sining at organisasyon sa kapitbahayan para ipakita ang pagkamalikhain at gawaing pangkultura sa kanto ng Turk & Hyde noong Agosto 12. Mga nalalapit na petsa ng kapistahan: Disyembre 9 at Enero 2.
- Idinaos ng BiSHoP ang unang event ng pakikipag-ugnayan sa wikang Arabe upang magbigay ng kaalaman sa mga pamilyang Arabe tungkol sa mga oportunidad ng abot-kayang pabahay at proseso ng aplikasyon.
- Naghatid ang SEACC ng mga serbisyo sa mga miyembro ng komunidad kabilang ang mga aktibidad na panlibangan para sa mga nakakatanda, teknikal na tulong para sa trabaho at aplikasyon sa paaralan, at sinuportahang pakikipag-ugnayan sa mga may-ari ng negosyo na nagsasalita ng Vietnamese at Cantonese.
- Ang team na tagalinis, tagapag-alaga ng parke at team sa ligtas na pagdaan ng TLCBD ay nakatanggap ng suportang pagpopondo at patuloy na sinuportahan ang mga event at pag-activate na pinamunuan ng komunidad. Bukod dito, pinahaba ng team na tagalinis ng TLCBD ang mga oras ng pagpapatakbo nito, at sisimulan ng team sa ligtas na pagdaan ang bagong pagsisikap para samahan ang mga nakakatanda sa Farmers' Market.
- Inilunsad ng Code Tenderloin ang programang Night Navigators. Sa kanilang 4 na linggong operasyon, ang team ay nagsagawa ng daan-daang pakikipag-ugnayan at maraming koneksyon sa mga mapagkukunan.



Isinusulong din ang mga pagpapabuti sa pampublikong espasyo sa pamamagitan ng pagdidisenyo at proseso ng pagbibigay ng permit:

Ang proyektong Golden Gate Greenway ng St. Anthony Foundation ay nakatanggap ng pag-apruba mula sa SFMTA Board para sa pinalawig na pagsasara ng kalye sa 100 block ng Golden Gate Avenue (Lunes-Linggo, 6 am-6 pm); maglalagay ng mga maiuurong na halamang barikada sa kalagitnaan ng Nobyembre. Nagsimula rin ang Fabrication para sa tatlong parklet (sa harap ng 111 Jones, Saint Boniface Catholic Church at 826 Valencia Tenderloin Center) at nalalapit na ang permit sa paglalagay. Ang parklet sa 826 Valencia Tenderloin Center ay ang unang ilalagay sa Nobyembre at itatampok nito ang malaking fiberglass na taniman na may mga puno, metal na taniman, mga bangko, at dalawang nagpapahiram na aklatan para sa mga bata at nasa hustong gulang na hihiram ng mga aklat o magbabasa sa mismong lugar. **Antabayanan ang mga araw ng pagboboluntaryo sa komunidad at tumulong sa unang kasiya-siyang tampok na ito sa Golden Gate Greenway.**

Ang timeline sa pagpapatayo ng dalawa pang parklet ay ibabahagi sa aming susunod na newsletter, ngunit inaasahan naming ipapatayo ang mga ito hanggang sa unang bahagi ng Tagsibol sa 2024.



Ang grupong pangkomunidad na malapit nang maging Friends of Elm Alley ay nagsumite rin ng kanilang opisyal na aplikasyon para sa permit sa SFMTA para sa pagsasara ng kalsada para mabago ang Elm Alley na malapit sa Tenderloin Community School upang maging kalye ng paaralan – isang kalyeng nagdaraos ng mga aktibidad na nauugnay sa paaralan sa mga oras ng pagbubukas



ng paaralan sulat ng ligtas na paghatid at pagsundo, isang tumatanggap na kapaligiran para sa mga pamilya at interaktibong espasyo para maglaro ang mga bata. Nakatanggap din ang proyekto ng paunang pag-apruba sa pagitan ng mga ahensya at mapupunta sa SFMTA Board para sa huling pag-apruba sa katapusan ng Nobyembre. Manatiling nakaantabay para sa ilang nalalapit na paglalaro sa kalye!

Mula Oktubre 2023, karamihan sa 21 proyekto ng Pagkilos ng Komunidad ay sinimulan ang paghahatid ng mga serbisyo o nasa proseso ng pagdidisenyo/pagkuha ng permit. Ang ilan ay isinasapinal ang mga saklaw at kontrata kasama ang aming katuwang na United Way Bay Area o nasa proseso ng pagsusumite ng kinakailangang impormasyon. Nakatanggap kami ng maraming tanong at alalahanin tungkol sa proseso at panahon ng pamamahagi ng pagpopondo sa nakaraang ilang buwan. Habang nauunawaan at ibinabahagi namin ang mga pag-aalalang ito, may tiwala kami na nagtakda ang Lungsod ng mga iniaatas at proseso na lumilikha ng isang patas, malinaw, at mainam na kasunduang pinansyal kasama ang mga gagawaran upang matugunan ang mga hamon sa

kasalukuyan na kinaharap ng Lungsod. Para sa mga interesado, bumuo kami ng **isang detalyadong baitang na proseso** kung saan nakipagtulungan ang SF Planning sa mga ahensya ng lungsod, non-profit, at isponsor ng komunidad para isaprograma at ipamahagi ang pagpopondo ng Tenderloin.

Matatagpuan **dito** ang detalyadong timeline ng pagpapatupad at mga serbisyo ng lahat ng proyekto ng pagkilos ng komunidad. Umaasa kaming makita ang mas marami pa sa mga proyekto at serbisyo ng ito sa Tenderloin.

Patuloy na nililinaang ng aming team ang diwa ng kolaborasyon sa loob ng grupo ng mga Proyekto ng Pagkilos ng Komunidad. Ang grupo ay gumawa ng mga partikular na **mga pangako** tungo sa mga nagtutulongang samahan upang magkaroon ng epekto sa kapitbahayan. Idaraos namin ang aming ikalawang pagpupulong ng grupo bago magkatapusan ng taon at ibabahagi ang mga resulta sa aming susunod na newsletter.

Mga Istratehikong Priyoridad na Pagpapatibay at Pagsulong

Sa nakaraan naming newsletter, ibinahagi namin ang apat na priyoridad na hatid ng komunidad. Pinatibay namin ang mga ito bilang aming apat na istrategikong priyoridad para kung saan nilalayan naming gumawa ng mga plano ng pamumuhunan sa katamtamang panahon sa pakikipagtulungan sa mga kasamang ahensya. Narito ang ilang update sa aming gawain sa bawat isa sa mga aspetong ito.

Ang una ay ang pagsuporta sa maliliit na negosyo, nakipagtulungan kami sa Office of Economic and Workforce Development para unang isaprograma ang \$380,000 upang masuportahan ang maliliit na negosyo, na pinagbotohan ng komunidad ng Tenderloin sa panahon ng proseso ng may paglahok na pagbabadyet, at ang ikalawa ay ipaalam ang mga pamumuhunan sa katamtamang panahon sa maliliit na negosyo sa Tenderloin.

Idinaos namin ang tatlong workshop para sa mga apektadong maliliit na negosyo, kung saan nagtipunipon ang TLCBD, TNDC, Southeast Asian Community Center (SEACC), at ang New Community Leadership Foundation (NCLF) para mabigyang-hugis ang mga priyoridad sa maliit na negosyo. Nakilahok kami sa isang dinaluhan ng marami na event ng Tenderloin Business Coalition upang direktang makipag-ugnayan sa mga may-ari ng negosyo. Bukod dito, sa suporta ng SEACC, nakipanayam kami sa mga may-ari ng negosyo na nagsasalita ng Vietnamese at Cantonese upang matiyak na ang aming mungkahi ay sumasalamin sa mga pangangailangan ng mga may-ari mula sa iba-ibang kultura.

Nagsagawa rin ang aming team ng mga kuwalitatibong survey sa mga pangunahing pangkomersyong koridor sa Larkin Street, Golden Gate Avenue, at Eddy Street, upang mas maunawaan ang mga katangi-tanging katangian at kalagayan ng mga tindahan sa Tenderloin, kabilang ang kanilang mga lakas, hamon, at oportunidad.

Ang pagbuo mula sa tinig ng komunidad na aming napakinggan sa pamamagitan ng aming gawain, ikinalulugod ng aming team na imungkahi ang paglalaan ng aming pagpopondo sa maliliit na negosyo patungo sa tatlong pangunahing kategorya: pagsuporta sa mga kasalukuyang negosyo, pagtulong sa mga bagong negosyo sa pagpuno ng mga

bakanteng tindahan, at pagpopondo sa mga teknikal na tulong sa negosyo.

Sa kasalukuyan, nakikipagtulungan kami sa OEWD para ilunsad ang mga pondo para ma-access ng maliliit na negosyo. Patuloy rin naming palalalimin ang pakikibahagi namin sa maliliit na negosyo na ang pangunahing wika ay hindi Ingles, at pag-uugnay ng aming magkakasamang pamumuhunan sa Tenderloin. Ang paghahanay na ito ay magbibigay sa amin ng kakayahang istrategikong maipahatid ang mga mapagkukunan sa parehong pangmaikli at katamtamang panahon, na magpapalakas sa maliliit na negosyo at adhikain sa pagnenegosyo sa loob ng komunidad ng Tenderloin.



Ang ikalawa ay pagpapaalam ng mga pamumuhunan sa kabataan, sa pakikipagtulungan sa Department of Children, Youth, and their families (DCYF), isinasapinal ng aming team ang pagsusuri sa puwang na partikular sa kapitbahayan upang matukoy ang mga katangi-tanging pangangailangan ng kabataan sa TL na dapat unahin para sa pagpopondo. Sa nakaraang tatlong buwan, nagsagawa kami ng pagtatasa sa mga pangangailangan sa pamamagitan ng:

- mga panayam sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa kabataan
- mga focus group sa parehong nakakonekta at hindi nakakonektang kabataan (hindi nagtatrabaho o nag-aaral)
- mga focus group sa mga magulang sa wika (Arabe, at Espanyol)
- Sesyon ng pakikinig sa Tenderloin Afterschool Collaborative

Napakinggan namin ang mga makapangyarihang kuwento sa mga pag-uusap na ito at inaasahan ang pagtatapos ng aming pakikipag-ugnayan sa mga darating na linggo. Narito ang ilang sa matatandaang sinabi:

"Hindi kami mga bata. Umaasa sa amin ang mga pamilya namin. Kailangan namin ng access sa mga trabaho at mapagkukunan na makakatulong sa aming matulungan ang aming mga pamilya," pahayag ng isang kalahok na tinedyer.

"Hindi kami naaakit sa mga programang nakalaan sa mga bata at kung saan lagi kaming binabantayan. Nakikita ko ang aking sarili na dumadalo sa isang programang naghahandog ng mga bukas na gym, game room, at lugar na tambayan na may kaunting pagbabantay," ibinahagi ng isang kalahok na tinedyer.

"Maliwanag na ang mga kasalukuyang programa ay hindi nakakaakit sa mga hindi nakakonektang kabataan. Kailangan namin ng mga programang nagbibigay sa kanila ng mga oportunidad at ligtas na lugar para manatili," bigyang-diin ng isang tagapagkaloob ng serbisyo sa kabataan.

Ang aming panandaliang layunin ay ipaalam ang mga paglalaan ng pagpopondo ng DCYF para sa limang taon na siklo ng pagpopondo mula 2024-29 upang matugunan ang mga katangi-tanging pangangailangan at priyoridad ng mga kabataan ng Tenderloin. Inaasahan namin ang nalalapit na pagbabahagi ng pinal na pagsusuri ng puwang sa komunidad. Sa pangmatagalang panahon, nais naming pangasiwaan ang mga bagong programa o pag-aayos sa mga kasalukuyang programa upang mas mapaglingkuran ang kabataan ng Tenderloin.

Makukuha **rito** ang isang detalyadong presentasyon ng aming gawain sa priyoridad na lugar na ito.

Ang pangatlo ay pagpapalano para sa mga pagpapatupad at pag-activate ng pampublikong espasyo. Nakibahagi ang aming team sa mga pag-uusap ng komunidad kabilang ang Pedestrian and Traffic Safety Task Force na pinamumuhunan ng komunidad. Batay sa mga pag-uusap na ito, pagtutuunan namin ang "Pagtatalaga" sa Tenderloin sa pamamagitan ng mga pagpapabuti at pag-activate ng pampublikong espasyo. Ang pamamaraan ng pagtatalaga ay maaaring isang makapangyarihang kapupunan sa pagpapatupad at mga interbensyon sa mga serbisyong pangkalusugan sa pamamagitan ng paglikha ng mga positibong karanasan na pipigil sa pagbebenta ng droga at paggamit ng droga sa mga bangketa, at pagpapabuti ng pampublikong kaligtasan at kalidad ng buhay. **Layunin naming pag-ugnayin ang mga interbensyon ng pagtatalaga sa mas pinaigting na pagpapatupad ng pampublikong kaligtasan mula sa iba't ibang ahensya, tulad ng istrategiya ng pagbangon ng kapitbahayan.** Sa ganitong paraan, mapapalitan namin ang mga aktibidad na nauugnay sa droga ng mga positibong kaganapan at pagpapabuti ng kapitbahayan. Ang istrategiya ng pagtatalaga ay inorganisa alinsunod sa apat na pinagtutuunang aspeto:

- **Ang una ay isama ang mga eskinita sa network ng pampublikong espasyo sa Tenderloin** sa pamamagitan ng pagbabago sa mga ito para gawing mga kalye ng paaralan, maliliit na parke, maliliit na plaza o mga lugar para sa espesyal na kaganapan. Ang layunin ay dagdagan ang bukas na espasyo sa kapitbahayan.
- **Ang ikalawa ay pagbutihin ang mga partikular na pangkomersyong koridor, sa pakikipagtulungan sa aming mga pagsusumikap na suportahan ang maliliit na negosyo,** upang mapabuti ang kalidad ng buhay ng kapitbahayan at mapalakas ang kalusugan ng negosyo para madagdagan ang daloy ng mga naglalakad.
- **Ang ikatlo ay ang pag-isipan ang mga pasukan sa kapitbahayan** bilang mga tumatanggap na daanan na naghahandog ng mga oportunidad para sa mga espesyal na aktibidad, sining, at pagkakarutula.
- **Ang ikaapat at huling aspetong pagtutuunan ay baguhin ang mga hindi nagagamit na lote sa kasalukuyan upang gawing mga hub ng kapitbahayan sa pamamagitan ng mga aktibidad na panlibangan para sa mga residente ng Tenderloin.** Sa mga darating na buwan, tutuklasin ang lahat ng ideyang ito sa pamamagitan ng mga eksperimental na proyekto, pag-uusap ng komunidad at sa pamamagitan ng pagbuo ng gumagawang grupo sa komunidad sa pakikipagtulungan sa mga katuwang sa pagitan ng mga ahensya.

Makukuha **rito** ang isang detalyadong presentasyon ng aming gawain sa priyoridad na lugar na ito.

Ang aming ikaapat na istrategikong priyoridad ay pag-activate ng mga priyoridad sa pabahay. Sa pagbuo sa proseso ng Housing Element, ang Tenderloin team ay **tinukoy ang mga priyoridad sa pabahay ng komunidad mula sa nakaraang mga kaganapan ng pakikipag-ugnayan, Survey ng Komunidad ng Tenderloin, at sa pamamagitan ng mga pakikipag-usap sa mga organisasyong pangkomunidad at tagapagkaloob ng pabahay.** Kabilang sa mga ito ang:

1. Pagbutihin ang lubos na abot-kayang asset ng pabahay upang matiyak ang may dignidad na pamantayan sa pamumuhay,
2. Panatilihin ang pagiging abot-kaya ng pabahay sa pamamagitan ng pagkuha,
3. Protektahan ang mga bulnerableng residente na pinakananganiban na mawalan ng tirahan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga subsidyo sa upa para sa mga residente ng SRO at permanenteng sumusuportang pabahay,
4. Palawakin ang mga serbisyo ng pamamahala ng kaso sa mismong lugar, lalo na ang kalusugan ng pag-uugali + sakit sa paggamit ng alkohol at/o droga,
5. Pagbutihin ang pag-access sa abot-kayang pabahay na naaangkop sa mga pamilyang may mga anak at Kabataang nasa Transisyonal na Edad, at serbisyo sa pabahay na may aspetong pangkultura.
6. Bawasan ang mga pagkabakante sa mga kasalukuyang gusali ng permanenteng sumusuportang pabahay

Nagdaos ang aming team ng mga pagkikipag-usap sa Permanent Supportive Housing Providers Network, pati na rin sa mga organisasyong pangkomunidad na naglilingkod sa mga Arabeng pamilya para sa pag-access ng abot-kayang pabahay.

Sa aming Event na Pangkomunidad noong Oktubre 5, nagkomento ang mas malawak na komunidad sa anim na priyoridad sa pabahay. Sa mga darating na linggo, inaasahan namin ang pagbuo ng gumagawang grupo at pakikipagtulungan sa mga katuwang sa pagitan ng mga ahensya upang higit pang pagtuunan ang pamumuhunan sa mga solusyon para sa mga priyoridad na ito sa susunod na dalawang taon.

Makukuha **rito** ang isang detalyadong presentasyon ng aming gawain sa priyoridad na lugar na ito.

Patuloy na makikipagtulungan ang aming team sa mga katuwang sa komunidad upang isulong ang mga priyoridad na hatid ng komunidad tungo sa pamumuhunan at pagpapatupad. Nananatili kaming masigla sa pagtukoy at pag-angat ng mga karagdagang medium term na priyoridad habang lumalabas ang mga ito mula sa kolaborasyong ito.



Muling Paglulunsad ng Pakikipag-ugnayan at Pakikibahagi ng Komunidad

Mula nang makumpleto ang proseso ng may paglahok na pagbabadyet, umasa ang aming team sa iba't ibang kasangkapan at pamamaraan sa pakikipag-ugnayan at pakikibahagi kabilang ang pagdaraos ng mga pagpupulong ng eksperto ng komunidad na nakabatay sa paksa, focus group, panayam sa eksperto sa komunidad, pati na rin ang mga open house tulad ng aming Event na Pangkomunidad pinakamakailan noong Oktubre 5. Bukod dito, upang manatili ang lubos na pag-unawa sa landscape ng tinig ng komunidad, nakikibahagi rin kami sa mga event na pinangungunahan ng komunidad, pagte-table, na mga event na pangkomunidad, at mga pagpupulong ng komunidad na idinaraos ng iba pang mga katuwang na ahensya. Sa susunod na

ilang buwan, umaasa kaming mabigyang-hugis ang dalawang gumagawang grupo upang maisulong ang aming mga istrategikong prioridad sa bukas na espasyo at pabahay.

Gaya ng ibinahagi namin sa nakaraan naming newsletter, nakipagtulungan ang SF Planning sa Tenderloin Neighborhood Development Corporation (TNDC) na susuporta sa aming pakikipag-ugnayan at pakikibahagi, at partikular na pangangasiwaan ang pamumuno ng komunidad. Sa pamamagitan ng pagtutulongang ito, maglalaan ang TNDC ng isang full-time na

tauhan ng isang taon para suportahan ang aming pakikipag-ugnayan at pakikibahagi sa kapitbahayan. Bilang unang hakbang, pagtitipinin ng TNDC ang apat na dagdag na nangungunang organisasyon na may mga papel na gagampanan sa pakikipabahagi para magtakda ng balangkas at pananaw tungo sa pagbuo ng nagkakaisang tinig. Nilalayan ng gawaing ito na bumuo ng mapapanatiling pamumuno sa komunidad sa Tenderloin na kumakatawan sa iba't ibang tinig at pananaw at pagbuo ng pagkakasundo sa kanila.

Pag-unlad at mga Hamon sa mga Kalagayan sa Kalye

Ang Lungsod ay nagkakaloob ng pagsusumikap ng pakikipag-ugnayan at pagtugon sa iba't ibang kalye sa buong Lungsod, na may ilang pagsusumikap na partikular sa Tenderloin.

Ang Joint Field Operations (JFO), isang pagsisikap ng maraming departamento na pinangungunahan ng Department of Emergency Management upang mapabuti ang mga kalagayan sa kalye sa Tenderloin ay patuloy na pinatatakbo ng pitong araw kada linggo mula 9:00am – 1:00pm at nilagyan ng mga kawani na mula sa maraming departamento ng lungsod kabilang ang SFFD, HSH, DPH, MTA, DPW, SFPD, DEM, at gumagawa sa pakikipagtulungan sa Community Benefits District kasama ang Clean Team.

Pinamumunuan ng Department of Public Health team na nakabase sa kapitbahayan, may maraming disiplina, at nakikipag-ugnayan para sa kalusugan ng pag-uugali na tinatawag na BEST (Bridge and Engagement Services Team) na mga Kapitbahayan. Ang programa ay may nakalaang team na nagtatrabaho ng 5 araw sa isang linggo sa mga kapitbahayan ng Tenderloin at SoMa. Ang team ay pangunahing nakikipagtulungan sa mga kliyenteng walang tirahan, nasuriang may malubhang sakit sa pag-iisip at/o sakit sa paggamit ng substansya, at mga nawalan ng kaugnayan sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan. Ang mga BEST na Kapitbahayan ay nagbibigay ng pagtatasa sa kalusugan ng pag-uugali, pakikibahagi, at interbensyong terapeutiko na nakabase sa komunidad na may layunin ng pagpapatatag sa mga kliyente at pagtransisyon sa kanila sa pangmatagalang pangangalaga at mga suporta.



Ang Night Navigator Program (nasa larawan) na pinatatakbo ng Code Tenderloin, na pinopondohan ng Proyekto ng Pagkilos ng Komunidad at nasa pakikipagtulungan ng Department of Public Health, ay ang pinakabagong idinagdag sa mga team na pangkalsada na tumutugon sa matagal nang kinakailangang puwang sa pagbibigay ng mga serbisyo at pangangalaga sa gabi. Ang team ay nagpapatakbo ng apat na araw sa isang linggo mula 7am – 3am at nagbibigay ng pakikibahagi at referral at mga koneksyon sa mga mapagkukunan sa antas na pangkalsada.

Ang bagong Drug Market Agency Coordination Center ay patuloy na pinatatakbo ang pagsusumikap ng maraming departamento upang matugunan ang pagbebenta at pagbili ng droga sa labas sa Tenderloin at SoMa sa pakikipagtulungan sa maraming ahensyang tagapagpatupad ng batas. Ang kanilang mga pagsusumikap hanggang sa kasalukuyan ay nagresulta sa mga pag-aresto na may kinalaman sa pagbebenta ng droga at napakaraming drogang nakuha.

Ano ang dapat ninyong asahan...

Ilang tampok ng TCAP hanggang sa katapusan ng taon:

- Unang paglalagay ng parklet ng Golden Gate Greenway at mga kaugnay na oportunidad para makibahagi sa mga gawain ng komunidad
- Pagkakita sa mga kumikilos na night navigator sa gabi
- Pagsisimula ng programang suporta ng maliit na negosyo
- Aplikasyon para sa dalawang gumagawang grupo: bukas na espasyo at pabahay
- Draft ng pagsusuri sa puwang sa mga serbisyo sa mga kabataan sa Tenderloin

Umaasa kaming patuloy na maisulong ang mga proyektong hatid ng komunidad at ang mga prioridad kasama kayong lahat !!

~ Tenderloin Team ng SF Planning



 Para sa higit pang impormasyon:

<https://sfplanning.org/project/tenderloin-community-action-plan>



San Francisco
Planning